Humanities Diliman (January-June 2023) 20:1, 44-65

# Disstrakan Bilang Verbal na Duwelo: Pagsusuri sa Tema't Diskursibong Istratehiya ng mga Diss Track Mula sa mga Rapper ng Dongalo at Ex-Battalion

# *"Disstrakan" as Verbal Duel: A Study on Themes and Discursive Strategies of the Diss Tracks from Dongalo Wreckords and Ex-Battalion Rappers*

**Kevin Paul D. Martija**
University of Makati

## ABSTRAK

Tila nagkaroon ng isang malaking digmaan sa birtwal na espasyo sa pagitan ng mga grupo ng hip-hop sa Pilipinas sa kasagsagan ng community quarantine. Sentro nito ang grupo ng mga beteranong rapper mula sa underground label na Dongalo Wreckords at nasasangkot bilang kanilang katunggali ang grupo ng Ex-Battalion. Ang papel na ito'y susuri sa nilalaman ng mga *diss track* na nailabas sa panahon ng kanilang tunggalian. Susuriin sa isasagawang saliksik ang mga pangkalahatang tema at diskursibong istratehiyang ginamit ng bawat kampong kalahok. Gayundin, ang implikasyon nito sa paggiit ng awtentisidad at inaasam na respeto sa komunidad ng mga hip-hop kung saan sentral nga ang gampanin ng paglahok sa "disstrakan" bilang espasyo ng verbal na duwelo. Magiging gabay sa pagsusuri ng mga diss track ang mga konsepto mula sa pag-aaral ng mga verbal na duwelo at mga nauna ng pag-aaral hinggil sa *rap battle* ng mga hip-hop. Itatampok ang piling mga diss track mula sa naganap na palitan sa pagitan ng mga rapper ng Dongalo at ng Ex-Battalion.

*Mga susing salita:* diss track, disstrakan, rapper

## ABSTRACT

During the peak of the community quarantine, there was a war between two hip-hop collectives in the Philippines that happened in the virtual space. Involved in this virtual battle were the underground rappers from Dongalo Wreckords and the members of Ex-Battalion. The aim of this study is to explore the content of the diss tracks produced during their conflict. The present study identifies the themes and discursive strategies used by the two opposing collectives in their respective diss tracks. It also examines the implications for assertions of authenticity and desired respect in the hip-hop community in which participation in "disstrakan" is important. The analysis of diss tracks was guided by concepts from previous studies related to verbal duels and rap battles in hip-hop. Select diss tracks produced by Dongalo and Ex-Battalion in the course of their "disstrakan" are presented in this paper.


*Keywords:* diss track, disstrakan, rapper

Pamilyar na ang mga Pilipino sa tinatawag na *rap battle* o ang verbal na duwelo sa pagitan ng dalawang *emcee* o rapper sa entablado. Naging popular ang ganitong uri ng sagupaan, salamat sa Fliptop, isang *rap battle league* o liga kung saan nagpapaligsahan ang mga emcee sa ganitong uri ng laro. Namayagpag ang nasabing liga sa pamamagitan ng birtwal na espasyo o mas espesipiko, sa pamamagitan ng online platform na *YouTube*. Nasaksihan at namalas ng mga Pilipino ang ganitong uri ng lirikal na tunggalian na tinawag pa nga ng Pambansang Alagad ng Sining na si Virgilio Almario bilang "Modernong Balagtasan" (Angeles). Sampung taon mahigit na ngang namamayagpag sa birtwal na espasyo ang ligang ito na malaki ang naiambag sa pagpapakilala at popularisasyon ng kultura ng hip-hop (kung ang pag-uusapan ay ang rap battle). Subalit lingid sa kaalaman ng marami, may naunang porma ng lirikal na tunggalian ang mga hip-hop sa bansa at tinatawag itong palitan ng mga "diss track." Ito, kasama ang iba pang anyo ng rap battle, ay bahagi ng mahaba at matagal ng tradisyon ng komunidad ng mga hip-hop. Samantalang sa Pilipinas, magsisimula itong ipakilala ng mga Pilipinong rapper pagsapit ng dekada nobenta. Sa pagpapakahulugan, ani Christian Free:

> Ang diss ay isang anyo ng pang-iinsulto o pagtatwa na karaniwang ginagamit ng mga hip-hop lalo na ng mga rappers (MCs) upang masalungguhitan ang ilang isyu na sinasabing mayroon ang isang indibidwal sa ibang tao o sa isang institusyon na pangkaraniwan ay kapwa niya rapper. (sariling salin, Free 1)

Tinatawag na “disstrakan” sa papel na ito ang palitan ng diss track ng mga rapper mula sa magkakaibang grupo. Manipis pa halos ang literatura hinggil sa kasaysayan nito. Sa kasalukuyan, mas naging popular sa mga mananaliksik ang Fliptop samantalang walang saliksik hinggil sa naunang porma ng masining na sagutan sa komunidad ng mga hip-hop.

Ang kasalukuyang saliksik ay tumutugon sa hamon na makapag-ambag ng mga lathalain hinggil sa komunidad ng mga hip-hop sa bansa sa pamamagitan ng pag-aanalisa sa nangyaring *rap game* na nagsimula sa taong 2020. Dulot ng nangyaring pandemya, natigil ang mga aktuwal na pagtatanghal at konsiyerto na kinatatampukan ng mga rapper. Naging importanteng espasyo para sa mga rapper ang internet upang ilathala ang kanilang mga awitin at magkaroon pa rin ng ganap sa kanilang komunidad sa kabila ng pagbabawal sa mga pampublikong pagtitipon. Ang mga rap battle league gaya ng Fliptop, Bahay Katay, at ang sariling paliga ng Dongalo Wreckords na Rap Olympics halimbawa ay tumalima sa mga umiiral na alituntunin. Mas nakilala ang mga ito sa komunidad ng mga hip-hop bilang *Quarantine Battles* kung saan walang live audience at ang magkakatunggaling mga rapper, mga hurado, at ang mga nasa likod ng teknikal na produksiyon lamang ang nasa venue.

Sa panahong ito, may mga isyung naganap o naiwan bago magkaroon ng pandemya na siyang naging paksain ng mga awiting inilabas ng grupo ng mga rapper mula sa Dongalo at Ex-Battalion. Tumuon ang mga rapper sa naunang masining na anyo ng verbal na duwelo sa komunidad ng mga Pilipinong hip-hop—ang diss track. Naging paborable ito sapagkat mas mabilis ang paglaganap at promosyon ng awitin sa pamamagitan ng internet. Halos linggo lang ang pagitan ng pagpapalitan ng diss track ng mga rapper sa pamamagitan ng website na *YouTube* kung saan ina-upload ng mga rapper ang kanilang mga diss track sa kani-kanilang account. Hindi na gaya ng dati na hihintayin pa nilang mailathala ang kanilang mga diss track sa pisikal na kopya ng CD o cassette na maaaring abutin ng ilang buwan o taon. Higit pa, nasaksihan din ng komunidad ng mga hip-hop ang pagdami ng mga hip-hop vlogger sa *YouTube* na nagrerebyu ng mga nilalabas na diss track ng mga kapwa rapper. Tunay ngang naging isang mahalagang bahagi ng kasaysayan ang rap game sa panahon ng pandemya.

Ang kasalukuyang saliksik ay pagsusuri sa tema’t nilalaman ng mga diss track mula sa mga rapper sa underground label na Dongalo at grupong Ex-Battalion. Limitado ang pagsusuri sa anim na diss track na inilabas ng mga rapper ng Dongalo at dalawang *diss back* mula sa grupong Ex-Battalion.

Sa pamamagitan ng pagsusuring gagabayan ng mga konsepto ng pag-aaral sa mga verbal na duwelo, susuriin ang mga pangkalahatang tema't istratehiyang nakapaloob sa mga diss track. Mahalagang matukoy ang konteksto ng naganap na verbal na duwelo upang maunawaan ang naging palitan sa disstrakan ng mga kalahok na rapper. Paano hinabi sa mga kinathang diss track ang mga istratehiya ng pang-iinsulto, pagsasangguni sa mahahalagang pangyayari sa kanilang komunidad, at paggigiit sa konsepto ng awtentisidad at usapin ng naiambag sa kultura? Hangarin siyempre ng bawat kalahok na magwagi at makamit ang respeto't pagkilala sa kanilang komunidad.

Mahahati ang papel sa mga sumusunod na seksiyon: ang mga pag-aaral sa verbal na duwelo, kasaysayan ng palitan ng diss track sa USA kung saan ipinanganak ang kultura ng hip-hop, maiksing pagtatalakay sa kasaysayan ng disstrakan ng mga rapper sa bansa, at pagsusuri sa mga pangkalahatang tema at mga diskursibong istratehiya na lumitaw sa nangyaring disstrakan.

## Hinggil sa mga Pag-aaral ng Verbal na Duwelo

Mahalagang gabay sa kasalukuyang pag-aaral ang *The Strategy of Turkish Boys' Verbal Dueling Rhymes* (1970) nina Alan Dundes et al. Tinawag nilang *ritual insult exchange* ang tradisyong ito ng mga Turko na dugtungan at palitan ng mga mapanlibak na bersong may kinalaman sa pag-aangat ng estado ng kalahok sa patriyarkal na lipunan at nagsisilbi ring espasyo sa paggiit sa kaganapan ng proseso ng pagiging lalaki (346). Sa pagpapaliwanag, anila'y ang pag-aaral sa estratehiya ng verbal na duwelo ay bahagi ng tinatawag na etnograpiya ng sinasalitang kaalamang-bayan o *ethnography of speaking folklore*:

> Ang pag-aaral ng istratehiya ng verbal na duwelo ay bahagi ng tinatawag na 'etnograpiya ng sinasalitang kaalamang-bayan'. Ang etnograpiya ng sinasalitang kaalamang-bayan ay tumutukoy sa mga alituntuning gumagabay kapwa sa kabuuang mga genre ng kaalamang-bayan at mga partikular na halimbawa ng mga genre nito. Samakatuwid, hindi ito usapin lamang ng paglalarawan sa pangkalahatang gamit ng isang uri ng pang-iinsulto, bagkus ay paglalarawan din ng mga partikular na kadahilanan nakapailaim sa paggamit ng isang partikular na insulto mula sa isang partikular na indibidwal tungo sa partikular na indibidwal sa isang partikular na okasyon. (sarilin salin, Dundes et al. 326)

Isa sa mga pangunahing istratehiya sa ritwal na ito ay ang pangangailangang mangapital sa mga "mahihinang" linya na ibinitaw ng kaduwelo. Ang ibibitaw na linya matapos magsalita ng katunggali ay dapat nakabatay o nakaugnay pa rin dito. Kinakailangang maihayag ang nabuong mga talata ng magkakatugma. Pangunahing

mga alituntunin ay marapat na makatugon at mangapital ang magkakatunggali sa mga "mahihinang linya" ng kanilang kalaban. Karaniwang naglalaman ang teksto ng mga seksistang linya bilang anyo ng mga pang-iinsulto. Isang mahalagang diskursibong istratehiya'y ilarawan ang katunggali o ang kanyang mga kamag-anak na babae, partikular ang kapatid at ina nito, bilang personal niyang puta sa mga ihahayag niyang seksistang linya. Mahalagang langkapan ng ganitong uri ng pambabastos sa kalaban upang mailagay siya sa submisibong posisyon na sa patriyarkal na lipunan ay nakareserba sa mga babae. Ang paghahayag ng mga linyang hindi konektado sa ginawang pang-iinsulto ng kalaban o ang hindi paghahayag ng mga linya sa paraang magkakatugma ay maituturing na senyales ng pagkagapi ng isang kalahok (Dundes et al. 326–27).

Punong-puno rin ng mga simbolismo ang mga tekstong sinuri na mauunawaan lamang sa sosyo-kultural na konteksto ng mga Turko. Ang pamilyaridad sa mga ito't paggamit sa verbal na duwelo sa opensa at depensibong posisyon ay mahalagang susi sa tagumpay ng ritwal na ito (Dundes et al. 330). Samakatuwid, ang mga linyang inihahayag ng mga manlalaro sa ritwal ay mauunawaan lamang sa pag-uugnay nito sa daynamiko ng lipunang kinabibilangan ng mga kalahok.

Ang katumpakan at kahulugan ng mga salita'y mauunawaan lamang sa konteksto ng espasyo at panahon kung saan ito nilikha ng may-akda (Mustofa at Hill 108). Samakatuwid, mahalagang bagay ito sa pag-unawa ng historikal at kultural na kahulugan ng mga linyang sinuri. Bahagi nga sa kasalukuyang saliksik, tulad ng mga nagsagawa din ng kaugnay na pag-aaral, ang konteksto ng mga bersong susuriin sa higit na mabisang pag-unawa sa kahulugan at katuturan ng mga ito (Free 47; Kirkemo 14).

Samantala, mahalaga ring masalungguhitan ang inaasam na premyo ng bawat kalahok ng verbal na duwelo—ang pag-angat ng kanilang estado sa lipunang kanilang ginagalawan (Dundes et al. 346). Ibig sabihin, higit sa tagisan ng talas ng konstruksiyon ng mga berso, maituturing itong isang ritwal. Ganoon din ang tema ng kasalukuyang pananaliksik. Maituturing na isang panlipunang ritwal sa komunidad ng mga hip-hop ang verbal na duwelo ng disstrakan. Binabanggit ni Hai Tang (2020) sa kaniyang isinagawang pag-aaral na ideyal na metodo ang pagsusuri sa nilalaman ng mga liriko ng mga awitin ng mga hip-hop. Sa layunin mang mag-diss o ihayag ang sarili, masasalamin sa mga pagsusuri ng liriks ang punto-de-bista, atityud, indibidwalismo, puna, at maging ang husay pa nga sa pagkatha ng masining na liriko (Tang 144). Sa pagsusuring isinagawa naman ni Bong Borrero Lumabao sa teksto ng *Fliptop Talks*, lumilitaw ang importansya ng pakikilahok at pananagumpay sa mga rap battle upang makamit ang respeto't kredibilidad sa isang bukas-sa-karahasang kaligiran gaya ng hip-hop (6). Pangunahing dahilan ng paglahok

o pagsisimula ng mga hip-hop sa mga verbal na duwelong ito ay hindi lamang makapagpahayag o pangalagaan ang mga estetiko't hahalagahing inoobserbahan sa kanilang komunidad. Kasama na rin dito ang pagkilala't respetong maibibigay ng mga hip-hop sa mga rapper na magagawang mapanagumpay sa mga verbal na duwelong gaya ng disstrakan.

Mahalagang gabay sa mga mapupunang istratehiya sa disstrakan ang mga siniping saliksik mula kina Christian Free (2017), Bong Borrero Lumabao (2018), at Thomas Kirkemo (2007). Sila ay nagsagawa ng mga pag-aaral sa mga teksto ng battle rap at diss track at sa pagbaybay sa kanilang mga naisulat, makabubuo ng mga batayang istratehiyang madalas na gamitin ng mga rapper sa kanilang verbal na duwelo. Ito ay ang mga sumusunod: personal na pag-iinsulto, pagyayabang ng materyal na kayamanan, pangangapital sa mga kultural na hahalagahin ng hip-hop, pagsasalaysay ng pagiging bahagi ng gang, indirektang pagpapahaging/pagpapangalan, at pagsangguni sa mga mahahalagang pangyayari sa mundo ng hip-hop. Hindi sinasabi na maikakahon lang sa iisang kategorya halimbawa ang isang linya sa isang diss track, lalo na't pangkaraniwan ay magkakaugnay ang anyo ng mga banat sa diss track. Halimbawa, maaaring personal na iniinsulto ang kalaban hindi sa kaniyang personal na kaanyuan bagkus ay sa pagiging kapuspalad sa pamamagitan ng pagyayabang sa materyal na kayamanan.

## Tungkol sa Palitan ng mga Diss Track bilang Bahagi ng Verbal na Duwelo sa Komunidad ng mga Hip-hop

Isa sa mga itinuturing na nagpasimula ng ritwal at tradisyon ng disstrakan ay ang grupong Boogie Down Productions at The Juice Crew at ang kanilang mga klasikong diss track: ang "The Bridge" (1985)/"Kill That Noise" (1987) ng The Juice Crew at ang "Southbronx" (1986)/"The Bridge is Over" (1987) ng Boogie Down Productions. Ang tema o isyung pinag-usapan sa mga diss track na nabanggit ay ang sigalot sa tunay na pinagmulan ng hip-hop: sa Queensbridge kung saan nanggaling ang The Juice Crew o sa paggigiit ng Boogie Down Productions (BDP), sa Bronx kung saan naman sila nagmula (Kirkemo 20–1).

Mula naman sa isyu ng pinagmulan ng hip-hop, maituturing na pananda ng Ginintuang Panahon sa kasaysayan ng hip-hop ang paglabas ng album na *Straight Outta Compton* ng N.W.A. o Niggaz Wit Attitude noong 1988. Sa album na ito matatagpuan ang kantang "Fuck Tha Police," isang kontrobersyal na kantang naglalarawan sa isang mock trial sa pagitan ng mga miyembro ng N.W.A. na naglalathala ng karahasang pang-araw-araw na nararanasan ng komunidad ng mga *Black Americans* sa kamay ng kapulisan (Kirkemo 21–2, 38). Binago nito ang depinisyon ng diss track lalo sa usapin ng pagbubukas ng posibilidad na hindi lamang nakakahon ang paggawa ng diss track sa mga verbal na duwelo sa pagitan

ng rapper sa kapwa rapper. Nag-anyo ito bilang instrumento ng paghahayag at pag-uulat ng malay-sa-lipunang mga awiting hindi lamang tumatalakay sa pangkaraniwang pag-aangat ng estado ng isang indibidwal sa mundo ng mga hip-hop bagkus, puna rin sa mga panlipunang institusyon.

Tadtad ng mga sagisag at pag-uulat hinggil sa buhay ng isang kabataang lumaki sa ghetto ng Amerika ang naturang album at nagsasalaysay ng kanilang buhay bilang drug dealer (epekto ng kawalan ng pantay na oportunidad sa *Black community* sa Amerika) at gloripikasyon ng kanilang buhay bilang bahagi ng bayolente at masalimuot na mundo ng mga gangster.

Samantala, mula sa makasaysayang *Bridge Wars* ng dekada otsenta kung saan sangkot lamang ang mga borough ng Queens at Bronx, hahantong sa rehiyunal na labanan at kalauna'y karahasan pa nga ang palitan ng mga diss track sa pagitan ng mga rapper ng label na Death Row Records at Bad Boy Records noong dekada nobenta. Mahahati ang grupo ng mga hip-hop sa Amerika sa pagitan ng mga East Coast hip-hop (nirerepresenta ng Death Row) at West Coast hip-hop (nirerepresenta ng Bad Boy). Ang sigalot na ito'y mauuwi sa mga riot sa pagitan ng dalawang grupo at sinasabing may kinalaman din sa asasinasyon sa rapper na si Tupac (1996) at Notorious B.I.G. (1997) (Kirkemo 23–24). Ilan lamang ito sa mga halimbawa ng mga klasikong sigalot na naghawan ng daan sa palitan ng mga diss track o disstrakan sa mga rapper o kampo na nabanggit.

Ayon kay Free, ang mga artist na nangdi-diss ay nagbubukas ng paanyaya sa kapwa rapper na gusto nilang makapalitan sa isang dayalogo. Samakatuwid, pagbubukas ng diskurso sa isyung pinag-ugatan ng alitan. Bagamat pinag-iiba nito ang kahulugan ng *diss* sa *beef*, itong huli naman aniya'y ang mismong sigalot sa pagitan ng mga rapper. Ibig sabihin, ang diss ang mismong akto ng pasalitang insulto samantalang *beef* ang salitang tumutukoy sa sigalot na humantong sa palitan ng mga verbal na atake sa pagitan ng mga rapper (1). Hindi lamang insulto, may mga pagbabanta pa nga subalit ang mga pagbabantang ito, sa maraming pagkakataon ay eksaherasyon lamang kundiman bahagi rin ng diskursibong istratehiya ng isang rapper (Kirkemo 59). Sa komunidad ng mga hip-hop, ang pangkaraniwang anyo ng verbal na duwelong ito ay ang diss track.

Sa katuturang ito, maaaring pag-ibahin ang depinisyon ng diss track sa mas kilalang anyo ng verbal na duwelo ng mga hip-hop: ang rap battle. Mas sumikat ang ganitong *format* sa bansa ng dahil nga sa mga Rap Battle League sa Pilipinas gaya ng Fliptop at Bahay Katay. Ang mga *format* sa mga ligang ito'y hindi gaya ng diss track na binuo sa isang propesyunal na studio ng mga kalahok. Ang mga magkatunggali ay aktwal na magkaharapan sa entablado kung saan nila itatanghal ang kanilang mga bersong maaaring isinulat bago ang paghaharap o *freestyle,*

ibig sabihin, mga liriks na kinatha habang aktwal na nagaganap ang labanan (Lumabao 67) na karaniwan ay sagot o *rebuttal* sa isang partikular na linya na binigkas ng katunggali. Karaniwang may tatlong *round* ang palitan ng mga bersong ito at may mga hurado na magdedesisyon kung sino ang nanalo sa magkakatunggali. Dalawa pa nga ang anyo nito: *a cappella* tulad ng kilala ng format ng Fliptop o pwede ring may beat na gawa ng isang beat maker tulad ng format sa Bahay Katay, isa ring Rap Battle League.

Sa kasalukuyang saliksik, maliit ang partisipasyon ng mga rapper na nasa kampo ng Dongalo maging ng Ex-Battalion sa ganitong uri ng verbal na duwelo. Si Flow G lamang mula sa grupong Ex-Battalion ang lumahok sa dalawang laban sa Bahay Katay. Sinasabi namang ang unang *line-up* ng Ex-Battalion kung saan si Bosz1ne na lamang ang orihinal na miyembro ay nagsimula sa mga maliliit na rap battle contest sa mga bara-baranggay. Samantala, sa mga rapper ng Dongalo, tanging sina JR Zero at Sixth Threat na lumahok sa Fliptop, Khen Magat na lumahok kapwa sa Fliptop at Bahay Katay, at si Crazzy G na lumahok din sa Bahay Katay ang mga may karanasan sa mga ligang ito.

Sa kabilang banda, sa lokal naman nitong katawagan, tinatawag ng mga rapper ang palitan ng mga diss bilang "disstrakan." Ang isang rapper na na-diss ay inaasahang babalik o "magdi-diss back." Hindi katulad sa nabanggit sa taas, nasa anyo bilang *recorded* na musika ang isang diss track. Mayroon itong producer, beatmaker, at siyempre, ang rapper na siyang bubuo ng mga berso pati na *hook* o *chorus* sa ilalabas na record. Sa panahon na wala pang internet tulad ng nabanggit, nakasalalay ang distribusyon ng mga diss track sa mga pisikal na kopya gaya ng CD, vinyl, o cassette. Sa kasalukuyan, mabilis na ang proseso ng produksiyon dahil nga sa internet at mga software application kung saan posibleng magrecord ng mga musika ng hindi na nangangailangan ng malaking budget o professional na studio. Samakatuwid, posibleng maprodyus ng mga rapper ang sarili nilang track ng hindi na umaasa sa mga naglalakihang recording company sa produksiyon at distribusyon ng mga ito. Tulad ng makikita natin, napabilis nito ang proseso ng palitan ng mga diss track at nagkaroon din ng migrasyon sa palitan ng mga verbal na duwelo mula sa mga pisikal na kopya ng musika tungo sa birtwal na espasyo.

Bahagi na ng kultura ng hip-hop ang disstrakan, ngunit hindi katulad ng anyo ng rap battle gaya ng napapanood sa Fliptop/Bahay Katay, walang mga hurado o pinagkakasunduang mga round ang bawat kalahok. Maaaring mauwi lamang ito sa palitan ng tig-isang diss track ng bawat magkatunggali o dili naman kaya'y maaari ding umabot sa puntong ang binatong mga diss track ng bawat magkatunggali'y maaaring tipunin sa isang buong album.

Inilalarawan nga bilang napakadialohikong genre ng komunikasyon (*highly dialogic genre of communication*) ang palitan ng mga diss track ng mga rapper sa komunidad ng mga hip-hop. Layunin ng bawat kalahok sa disstrakan ang magwagi sa verbal na duwelo upang makamit ang respeto sa kanilang komunidad sa pamamagitan nga ng masining at verbal na panlilibak sa katunggali, alinsunod sa mga hahalagahin o *values* na mayroon sa komunidad ng mga hip-hop (Free 2). Bukod pa sa layuning makakuha ng respeto, instrumento din ang mga diss track sa pagbibigay puna't pagdidisiplina sa mga kapwa rapper na tinatayang lumalabag sa mga nabanggit na kultural na hahalagahing inoobserbahan.

May pagturing sa diss bilang moda ng kultural na di-pagsang-ayon. Kung gayon, maaaring tignan ang disstrakan hindi lamang bilang isang verbal na duwelo kundi bilang sityo ng pamumulis at asersiyon ng mga kultural na hahalagahin sa komunidad ng mga hip-hop. Kundiman, sityo ng dominasyon at relasyong pangkapangyarihan sa ritwal na espasyong ito. Higit sa paggigiit sa kaalaman at konstruksiyon ng mga awitin, layon din ng bawat kalahok na makamit ang pagkilala at respeto sa mga kalahok sa ritwal na espasyo ng disstrakan at sa kanila ngang komunidad sa pangkabuuan (Free 5, 13).

Sa pagsusuri naman ni Free sa mga diss track, aniya, ang mga indibidwal na rapper na lalahok sa nagaganap na disstrakan ay may tendensiyang bumuo ng mga dibisyon, grupo, o mga paksiyong magsusuportahan habang nagaganap ang duwelo. Ibig sabihin, ang verbal na duwelo'y maaari ding katampukan ng isang grupo, maaaring nasa kategorya ng kolektibo ng mga rapper, nasa iisang rehiyon o lugar (East Coast vs. West Coast sa Amerika noong dekada nobenta, Bridge Wars sa New York), o dili naman kaya'y stratang henerasyunal (*Old School* vs *New School*) sa mundo ng mga hip-hop (Free 19). Sa kasalukuyang saliksik, itinatampok ng mga diss track na susuriin ang iskomogenesis na nabuo sa pagitan ng mga old school na rapper na sinasagisag ng grupo ng mga rapper sa Dongalo at mga new school na rapper na sinasagisag naman ng Ex-Batallion.

## Maiksing Pagpapaliwanag sa Kasaysayan ng Distrakkan ng mga Rapper sa Bansa

Mahaba na ang kasaysayan ng komunidad ng mga hip-hop sa bansa na sa maraming tala ay tinatayang nagsimula noong huling bahagi ng dekada otsenta at unang namayagpag noong dekada nobenta. Unti-unting naging lehitimong kultura ng mga kabataan ang hip-hop. Lumaganap at naging popular ang iba't ibang elemento nito sa mga kabataang Pilipino: *breakdancing*, *turntables*, *graffiti*, at higit sa lahat – *emceeing* o pagra-rap.

Higit ngang naging popular sa mga kabataan ang pagra-rap. Tinatayang ang unang na-record na Pilipinong Rap ay isang single mula kay Dyords Javier, ang "Na-onseng Delight" na inilabas ng Wea Records noong 1980. Nagsimula nga ito sa Pilipinas sa anyong *novelty*. Kalaunan, kasabay ng *band explosion* ng dekada nobenta ay nakilala rin ang musikang rap sa pamamagitan ng mga rapper gaya nina Andrew E., Francis Magalona, Bass Rhyme Posse, Sun Valley Crew, Lady Diane, Michael V., Death Threat, Legit Mizfits, Urban Flow, at marami pang iba (Galang).

Samantala, hindi naging madali ang pagpasok ng musikang rap mula underground tungong mainstream. Pinatunayan ni Norman B. ng Bass Rhyme Posse, ang unang rap group sa kasaysayan ng hip-hop sa bansa, ang mga suliranin nang pumirma sila sa record label para sa una nilang album. Aniya, ang polisiya ng mga kumpanya noon ay maglabas sila ng *novelty song* bilang *carrier single*. Taliwas ito sa tugtugan nila sa underground na eksena (Belanio). Higit dito, nagkaroon din ng hidwaan sa pagitan ng mga hip-hop at mga punkista/metal noong dekada nobenta. Sariwa pa sa alaala ng mga beteranong rapper ang sinasabing away ng mga hip-hop at metal/punkista.

Karaniwang pinagsisimulan daw nito ay mga kantiyawan at paggigiit na ang kinabibilangang kultura ay mas superyor kumpara sa isa. Hindi maitatatwa na may kinalaman daw rito ang mainstream media lalo na ang istasyon ng radio na LA 105.9 at ang DJ na si Ramon "The Doctor" Zalcita. Ang naturang programa ni The Doctor ay nagtataguyod ng musikang rock at naging daan ng programang ito sa mga panunuya ng mga punkista sa mga hip-hop (NoBenta). Ang mga panunuyang ito sa programa ay sinagot ng mga rapper sa pamamagitan ng tinatawag na "diss track," mga awitin sa anyo ng rap na layuning punahin sa pamamagitan ng pag-insulto ang kaaway na tao, grupo, o maging institusyon.

Dokumentado ang sigalot sa pagitan ng mga hip-hop at punkista/metal sa mga diss track na lumabas noong dekada nobenta. Nariyan halimbawa ang awiting "Pikon" ni Francis M. na lumabas sa kaniyang album na *Freeman* (1995) at ang "Who'z Next" ng Death Threat na inilabas sa album na *Wanted* (1995). Subalit ang isa sa pinakatagapagtaguyod nito sa komunidad ng mga hip-hop ay ang underground label na itinatag ni Andrew E. noong 1997, ang Dongalo Wreckords. Naglabas ang iba't ibang grupo ng mga rapper ng diss track laban sa mga punkista/metal. Ilan sa mga nailabas na awitin ay ang mga sumusunod: "Bolanchaw" ng grupong Chinese Mafia, "Boloxx" ng Madd Poets, "Punk U" ng DFT (Rap Guard TV). Isa sa kalipunan ng mga verbal na asuntong ito ay matatagpuan sa album na *Born to Kill the Devil* ng grupong Ghetto Doggs. Ang naturang album ay kinabibilangan ng mga rapper mula sa Dongalo, kabilang na si Andrew E. bilang Pooch. Istilo na ng Dongalo na may opisyal na *emcee name* samantalang ang *alter-ego* ang ginagamit na pangalan

sa underground diss tracks (kaya Pooch ang pangalan ni Andrew E. sa Ghetto Doggs, iba rin ang istilo niya sa pagra-rap bilang Pooch). Karaniwan itong nasasakategorya sa genre ng gangsta/hardcore rap.

Ang mga awitin na lumabas sa album na ito ay tumatalakay sa iba't ibang paksain gaya ng mga isyung panlipunan at siyempre pa, mga diss track ng Dongalo laban sa mga punkista/metal. Ang awiting "Banda Demonyo" ay isa lamang sa mga halimbawa ng diss track laban sa mga punkista at metal na napabilang sa album. Isa pa sa mga ipinagmamalaki ng grupo ay ang pagkamit ng Platinum Award ng naturang album bagamat hindi pinatutugtog sa radyo ang mga awitin dito (Soul Sonic TV). Organikong matatawag ang promosyon at popularidad ng album na tunay na sinuportahan ng mga hip-hop sa nasabing panahon.

Nagkaroon pa ng dalawang sumunod na album ang Ghetto Doggs, ang *Version 2.0* (1997) at ang *Dear Critics* (1999). Mula noon, naging bahagi na ng komunidad ng mga hip-hop ang diss track bilang masining na pagsagot sa mga kaalitang rapper sa loob ng komunidad na ito o maging sa mga kaaway mismo ng lipunan (gaya halimbawa ng mga tiwaling politiko).

## Disstrakan sa Pagitan ng Dongalo at Ex-Battalion

Kailan nga ba nagsimula ang sigalot sa pagitan ng mga rapper na maitatampok sa papel na ito na humantong sa disstrakan? Anong isyu ang tinatalakay sa mga awiting inilabas ng mga rapper ng Dongalo, partikular, ang mga bumalik sa eksenang mga miyembro ng Ghetto Doggs (may dalawang batch ang rap collective na ito, ang nasa una't ikalawang album, *Born to Kill the Devil*, *Version 2.0*, at ang mga nagsilabas sa mga diss track na bahagi ng *Dear Critics* album)? Napakaraming anggulo na pwedeng tingnan kung ano talaga ang ugat nito. Gayunpaman, naging pangkalahatang tema ng mga diss track ng Dongalo ang sinasabing hindi pagrespeto ng grupong Ex-Battalion, partikular ang mga miyembro nitong sina Flow G at Skusta Clee, sa grupong Salbakuta, isa sa mga grupong nasa ilalim ng Dongalo label. Ang mga miyembro nitong sina Madkillah, Charlie Mac, at Jawtee ay mga miyembro din noon ng line-up ng Ghetto Doggs sa *Dear Critics* album. Nag-ugat ito sa isang netizen na tumuya kina Flow G at Skusta Clee sa pamamagitan ng isang larawang tila baga pinagsasanib ang kanilang mga mukha. Hindi ito nagustuhan ni Flow G at nag-post siya ng masasamang salita laban sa babae (kabilang na ang pagiging single mom nito). Kalaunan, naglabas ng diss track si Flow G na sumisita sa aniya'y mga rapper na nagsasabing "mahina siya." Tila tinutuya namang binati ng Salbakuta sa pamamagitan ng *Facebook* page nila si Flow G subalit kalakip ng caption nito ang nag-viral na litrato na hindi ikinatuwa ng huli (Papot TV). Makaraan nito'y nag-*Facebook* live ang kagrupo niyang si Skusta Clee, nilait ang isang kanta ni Charlie Mac, at pagkatapos ay minura ang Salbakuta (GhettoLife).

Marapat ding tandaan na 1999 pa huling naging aktibo ang grupong Ghetto Doggs. Magmula sa panahong ito, ang mga grupo ng mga rapper na bumubuo sa line-up ng Ghetto Doggs *Dear Critics* era ay nagkaroon ng kani-kaniyang album at ang ilan nga'y nagkaroon ng matagumpay na karera sa mainstream at sa underground. Nariyan ang Salbakuta, EHP, Kruzzada, Sakit ng Sucat, at iba pa (Rap Guard TV). Ibig sabihin, makalipas ang mahigit dalawang dekada, ngayon na lang muli lumabas ang alter-ego persona ng mga rapper sa grupong ito. Ang mga lumabas na alter-ego persona ng mga rapper sa mga diss track na sasaliksikin ay ang mga sumusunod, inilagay rin dito ang mga opisyal na emcee name nila at kung saang grupo sila kabilang bukod sa pagkakasapi nila sa Ghetto Doggs: Kid Rabis, Azong Ulol, at Gharappata (Jawtee, Charlie Mac, at Madkillah ng Salbakuta); Rappin Lappa at Rap Weiler (Supremo at Cruzzito Uno ng Kruzzada); Valdog, Burubudoggz, at Dawg Thug (Oman B, Burubudok, at McKaphili ng EHP); YT at Alindogg (Bugaw at Don Deng ng Indios); at si Khagatt (Sapi ng Sakit ng Sucat). Ang unang limang diss track na itatampok sa papel na ito na mula sa kanila ay pumapaksa sa mga "walang respetong baguhan" bagamat hindi naman limitado lamang talaga sa grupong Ex-Battalion ang inatake nila sa mga naturang diss track. Nariyan halimbawa ang pagpapahaging sa mga rapper gaya nina Loonie, OG Makk, at ilang mga rapper ng grupong Mobb subalit hindi maikakaila na ang grupong Ex-Battalion ang talagang inasinta ng mga awit. Sa limang diss track na ito nag-umpisa ang tila verbal na opensiba ng mga rapper ng Dongalo label. Ang limang naunang diss track mula sa kanilang kampo ay ang mga sumusunod: "Etiketa," "Dissposable," "Bugbugan," "Walang Tira," at "Mahal Naming Critics." Makaraan namang lumabas ang diss back ni Honcho ng grupong Ex-Battalion, sinagot ito ni Jawtee sa kaniyang berso sa diss track na "F.U". Kasama sa diss track na ito sina Balasubas at Crazzy G na mga baguhang miyembro ng Dongalo. Bawat kanta'y lumabas sa *YouTube* account ng grupong Salbakuta.

Sa kabilang banda, nag-umpisa bilang isang grupo ng mga battle emcees ang Ex-Battalion noong 2012. Sa tatlong orihinal na miyembro, tanging si Bosx1ne o mas kilala ngayon bilang Honcho ang natitirang bahagi ng grupo. Mula sa pagiging grupo ng mga battle emcees, kalaunan ay naging isang kolektibo ito ng mga rapper (Pascual). Nakapaglabas sila ng kanilang digital album noong taong 2016 kung saan namayagpag ang kanilang karera bilang mga rapper. Karamihan din sa kanilang mga inilalabas na awitin ay naka-upload sa kanilang *YouTube* account na Ex-Battalion Music. Hindi rin maitatatwang naging popular ang ilan sa mga ito sa nakalipas na mga taon lalo na ang kanilang hit single na "Hayaan Mo Sila." Pangunahing miyembro ng grupo ang mga sumusunod: Flow G, Skusta Clee, Honcho, Emcee Rhen, Brando, at King Badger. Relatibong baguhan pa talaga sa eksenang hip-hop kung tutuusin ang grupong Ex-Battalion bagamat hindi maitatatwang may karanasan na sila sa mundo ng rap battle lalo pa't dito rin naman talaga nag-umpisa ang karera ng grupo.

Unang sumagot sa mga diss track ng mga rapper ng Dongalo si Honcho sa kaniyang "And Ikaw." Bagamat naghayag ang rapper na si Flow G na hindi sila sasagot sa mga diss track na ibinato sa kanila, naglabas din kalaunan ng awitin ang mga pangunahing miyembro ng Ex-Battalion bilang sagot sa mga diss track na ipinukol sa kanila. Ito ay ang "Yearly" na inilabas din sa *YouTube* noong Abril 2021. Samakatuwid, maaaring banggitin na ito'y pangkalahatang diss back na ng grupo't sagot sa kanilang mga kritiko at sa mga nagbato ng diss track sa kanila. Naging pangunahing tema ng "And Ikaw" at "Yearly" ang pagtugon sa usapin ng "mga nauna" sa kultura na dapat ay bigyang respeto ng mga baguhang rapper gaya nila gayundin ang pagpapasigla nila sa kultura. Narito ang listahan ng mga diss track na inilabas ng mga beteranong rapper ng Dongalo at ng Ex-Batallion.

**Talahanayan 1.** Mga Diss track na Inilabas ng mga Beteranong Rapper ng Dongalo Label at ng Ex-Battalion

| Emcee/Grupong Kinabibilangan | Pamagat ng Diss Track | Petsa |
|---|---|---|
| Cruzzito Uno, Jawtee, Rap Weiler, Kid Rabis (Dongalo) | "Etiketa" | Mayo 24, 2020 |
| Azong Ulol, Valdog (Dongalo) | "Dissposable" | Mayo 31, 2020 |
| Rappin Lappa, Burubudoggz (Dongalo) | "Bugbugan" | Hunyo 7, 2020 |
| Gharappata, YT (Dongalo) | "Walang Tira" | Hunyo 16, 2020 |
| Khagatt, Dawg Thug (Dongalo) | "Mahal Naming Critics" | Hunyo 25, 2020 |
| Honcho (Ex-Battalion) | "And Ikaw!" | Disyembre 26, 2020 |
| Jawtee, Balasubas, Crazzy G (Dongalo) | "F.U" | Enero 20, 2021 |
| Flow G, Honcho, Brando, King Badger, Emcee Rhen, Skusta Clee (Ex-Battalion) | "Yearly" | Abril 5, 2021 |

Tulad ng naunang nabanggit, napakaraming diss track na inilabas ng Dongalo. Sa panahong naisulat ang unang bersiyon ng papel noong Enero 2021, nasa 36 na diss track ang naka-upload sa account ng Salbakuta sa *YouTube*. Marami ding rapper sa Dongalo bukod sa mga beteranong miyembro nitong naitampok sa papel na ito ang naglabas ng mga diss track sa kani-kanilang account. Sa kakapusan ng panahon ay pinili na lamang ang mga diss track na inilabas ng mga naging miyembro ng grupong Ghetto Doggs sa *Dear Critics* album. Limang diss track ang magkakasunod

nilang inilabas simula Mayo hanggang Hunyo ng taong 2020. Tadtad ito ng mga mura, panlalait, at panghahamak.

Naging pangunahing temang tinatalakay sa mga diss track ng mga kasapi ng Ghetto Doggs ang usapin ng respeto at paggalang ng mga baguhan sa mga kagaya nilang nauna at anila'y nagtaguyod sa larangan ng hip-hop. Sa naratibo ng mga rapper ng Dongalo, sila ang nagtaguyod ng hip-hop sa panahong mababa pa ang tingin sa kulturang ito dito sa Pilipinas. Pinaksa ang pagmumura ng mga miyembro ng Ex-Battalion sa Salbakuta at ang hindi pagkilala ng rapper na si Loonie na may "old school" na rapper. Minaliit din ng mga beteranong rapper ng Dongalo ang kasikatan ng mga new school na rapper na para sa kanila'y nakatikim ng kasikatan ngunit ngayon ay palaos na, samantalang sila'y nasa estado na ng pagiging alamat ng eksenang hip-hop sa Pilipinas. Sa agresibong estilo'y pinaalalahanan nila ang mga namamayagpag na rapper sa kasalukuyan. Babala ang turing nila sa mensaheng ito na ayon sa kanilang mga awitin ay magkakaroon ng gulo kung hindi rerespeto ang mga baguhan sa mga nagtaguyod ng kultura.

Sa naunang limang diss track na ito mula sa mga rapper ng Dongalo na naging bahagi ng grupong Ghetto Doggs, naging sentro talaga ng mga pag-atake ang grupong Ex-Battalion. Tatlo sa limang diss track, ang "Dissposable," "Walang Tira," at "Mahal Naming Critics" ang nagbanggit sa *Batalyon*. Sa "Walang Tira," lantarang binanggit ni Gharappata (Madkillah ng Salbakuta) ang Ex-Battalion bilang "Ex-Bobo." Naroon din sa mga diss track ang mga pagpapahaging hindi lamang sa grupo ng Ex-Battalion sa kabuuan kundi partikular kay Skusta Clee. Nang maging sentro ng isyu si Skusta Clee nang murahin nito ang grupong Salbakuta, sinagot ito sa ilang berso sa "Walang Tira" at "Dissposable." Sa mga bersong ito nila Gharappata at Azong Ulul (Charlie Mac ng Salbakuta), nabanggit ang paghihiwalay ng kaniyang kasintahan sa rapper na naging laman ng mga balita sa nakalipas na mga taon at 'di umano'y pagkakaroon nito ng tulo (*gonorrhea*). Sa parehong mga diss track din, nilait naman nina Valdog (Oman B ng EHP) at YT (Bugaw ng Indios) ang hit song ng Ex-Battalion na "Hayaan Mo Sila" at partikular na binanggit ni YT sa kaniyang berso sa "Walang Tira" ang isyu ng pagnanakaw ng beat 'di umano ng grupo, na ginamit sa kanta.

Naging pangunahing tema sa limang diss track na ito ang kawalan ng respeto ng mga baguhan sa mga nauna. Sa "Etiketa," binanggit ni Cruzzito Uno (Rap Weiler) na mahalagang batayan ng pagiging *orig* o lehitimong hip-hop ang pagbibigay ng respeto sa nauna. Ganoon din ang tinuran ni Jawtee (Kid Rabis) sa pagbibigay-diin niyang hindi usapin ng pagalingan o paligsahan sa pagiging rapper kundi usapin ng paggalang ang mas mahalaga. Malinaw na ang mga ito'y pangangapital sa mga kultural na hahalagahin sa komunidad ng mga hip-hop.

Samantala, sinalungguhitan naman nina Rappin Lappa (Supremo ng Kruzzada) at Burubudoggz (Burubudok ng EHP) sa mga berso nila na hindi lamang sila rapper, bagkus, bahagi rin ng gang. Sa kanilang diss track na "Bugbugan," isinasalaysay na ang katapat na resulta ng hindi pagrespeto sa nauna ay maaaring mauwi sa pisikal na komprontasyon. Sa diss track na "Mahal Naming Critics," nina Khagatt (Sapi ng Sakit ng Sucat) at Dawg Thug (McKaphili ng EHP) binanggit na marunong naman silang rumespeto ng mga baguhan at ang tanging inaatake lamang ay yaong mga toxic na rapper at mga anila'y "lumalapastangan sa kultura."

Makikita sa mga liriks ang pagpoposisyon ng mga rapper ng Dongalo bilang mga "old school" na sa kultura na nakapag-ambag at naging haligi na ng eksena. Makikitang ipinapalagay nila ang sarili bilang awtoridad ng eksena ng hip-hop na muling lumabas upang "iligtas" ang kultura ng hip-hop sa Pinas mula sa mga sumasalaula nito—ang mga new school rapper na walang respeto. Mapapansing habang nagpapayo, nagbabanta rin ang mga rapper ng Dongalo (halimbawa nga nito ang "Etiketa" at "Babala"). Ipinagpapalagay nila ang sarili bilang *gatekeeper* ng kultura.

Bagamat muling naging maugong ang disstrakan sa paglabas ng mga naging miyembro ng Ghetto Doggs mula sa Dongalo, hindi agad nagpakita ng interes ang grupong Ex-Battalion na sagutin ang mga diss track na ito. Disyembre na ng taong 2020 nang unang sumagot ang isa sa mga miyembro ng Ex-Battalion. Sa kaniyang diss back na "And Ikaw," punong-puno si Honcho ng mga pagpapahaging at indirektang pagbanggit sa mga nasa kampo ng Dongalo, partikular sa Salbakuta. Halimbawa, sa unang berso pa lamang ng "And Ikaw," makakakitaan na ng mga paglalaro sa pagbigkas ng mga salita o *wordplay* na pumapatungkol sa mga nang-diss sa kanila. Sa isang linya ng kanta, nabanggit ang linyang "And guess what? Dun galing 'to noon. Paghetto-ghetto dun meryenda lagi ay turon." Ang dalawang linya'y indirektang pumapatungkol sa Dongalo ("Dun galing") at Ghetto Doggs ("Paghetto-ghetto"). Hindi pa dito nagtatapos ang paggamit ni Honcho ng mga paglalaro sa salita na pumapatungkol sa mga nang-diss sa kanila. Sa isang linya, nabanggit niya ring "Tulog lahat ng iniwan, sinapak mo sa Jaw, oh!" Ang inaatake sa naturang linya ay si Jawtee ng Salbakuta. Hindi lang din si Jawtee, ang tinutukoy na "Boy Gulay parang nagnu-nursery rhyme" sa ikalawang berso ay maaaring si Charlie Mac ng Salbakuta. Direkta itong pumapatungkol sa kontrobersiyal na solong kanta ng naturang rapper na "Wapakels" na 'di umano'y walang katuturan o kabuluhan ang tugmaan ng mga berso sa nasabing kanta. Kapansin-pansin din sa sumunod na linya, nabanggit ni Honcho na "Wag kang mad agad sa akin easyhan." Si Madkillah ng Salbakuta ang tiyak na lohikal na pinatatamaan kasunod ng mga kagrupo niyang sina Jawtee at Charlie Mac.

Sinagot din ni Honcho ang ilang mga partikular na bagay mula sa diss track ng mga rapper ng Dongalo, partikular ang pagbabanta ng pisikalan. Pinaratangan niyang panghihila lang pababa ang ginagawa ng mga rapper ng Dongalo na hindi naman na maningas ang karera sa kasalukuyan, 'di gaya nila. Direkta niyang sinakyan sa pagkakataong ito ang dibisyong nilikha ng mga rapper ng Dongalo hinggil sa "nauna" at mga "baguhan." Bagamat may pagkilala si Honcho na sila ang nauna o nagpaningas, sila naman ang maituturing na tagapanaguyod ng kulturang hip-hop sa kasalukuyan. Higit dito, may pagyayabang din ng materyal na kayamanan na direktang resulta ng kasikatang kasalukuyan nilang tinatamo ang matatagpuan sa mga liriks si Honcho. Nabanggit niyang hindi barya-barya ang kita ng kaniyang mga kagrupo bagamat wala sila sa isang record label. Sa katapusan ng kanta, direktang sinagot ni Honcho ang usapin ng kawalan nila umano ng respeto. Hindi dapat humihingi ng respeto ang mga taong hindi marunong magbalik nito.

Kung susumahin ang naging diss back ni Honcho, punong-puno ito ng pagpapahaging sa mga miyembro ng Dongalo, partikular ang mga miyembro ng Salbakuta at Ghetto Doggs na nang-diss sa kanila. Higit pa rito, sinagot niya rin ang isyu ng 'di umano'y hindi nila pagrespeto sa mga nauna. Gayundin, ang kaniyang pagpapaalala na sila na ang tagapagtaguyod ng eksena ng hip-hop sa kasalukuyan at ang pangmamaliit sa gampanin ng mga nasa kampo ng Dongalo na kanilang nakasagutan sa komunidad ng hip-hop sa Pilipinas.

Makalipas naman ang isang buwan, muling naglabas ng diss track ang kampo ng Dongalo, ang "F.U". Nakasama ni Jawtee sa naturang track ang mga rapper din ng Dongalo na sina Balasubas at Crazzy G. Ang dalawa'y hindi naging kabilang sa Ghetto Doggs at ang mga berso nila sa diss track na ito ay pumapatungkol kay Acepipes, isa ring rapper na naka-disstrakan ng Dongalo. Samantala, ang buong berso ni Jawtee, maging ang chorus/hook ng kanta ay direktang sagot sa diss ni Honcho.

Sa chorus/hook pa lamang ng kanta, sinagot na ni Jawtee ang huling linya sa diss ni Honcho sa kanila. Aniya, hinding-hindi sila makapagbabalik ng respeto, tulad ng sinasabi ni Honcho, dahil hindi pa naman nakapagpapakita ng ganitong pag-uugali ang kanilang grupo. Hindi pa natapos rito, sa isang bahagi ng berso'y sinagot ni Jawtee ang pagpapahaging ni Honcho sa kaniyang pangalan. Minaliit niya ang pagpapahaging o paggamit ng linyang "sinapak  sa Jaw" ni Honcho bilang isang tsismis at pag-iimbento. Wala aniya itong kabuluhan kung walang ebidensya na tunay nga niyang nagawa o magagawa kay Jawtee ang pamimisikal. Bagamat naghayag ang rapper na si Flow G na hindi sila sasagot sa mga diss track na ibinato sa kanila, naglabas sila ng awitin isang taong mahigit ang makalipas. Tungkol ito sa mga bagay na pinupukol sa kanila ng mga kritikong rapper, partikular na ang mga diss track na inilabas ng kampo ng Dongalo. Ito ang "Yearly" na inilabas sa kanilang

*YouTube* account noong Abril 2021. Naging pangunahing tema ng naturang awitin ang pagtugon sa usapin ng pagkilala ng mga baguhan sa mga naiambag ng "mga nauna" para sa kultura.

Sa hook o chorus pa lang ng kanta, sinagot na nila ang mga diss hinggil sa inambag nila sa eksena ng hip-hop sa Pilipinas. Dito isinasalaysay na "kada taon" ay hindi sila nawawalan ng hit song na pinatutugtog sa radyo at may mga TV guesting pa nga. Binandera ng grupo ang tinatamasa nilang kasikatan na siyang nagpapasigla sa kasalukuyang eksena ng hip-hop. Pag-aari anila ang kasalukuyang henerasyon.

Kung binanggit nina Gharappata at Azong Ulul (Madkillah at Charlie Mac ng Salbakuta) sa kanilang mga diss track ang pagiging "maalamat" ng kanilang estado sa komunidad ng mga hip-hop, sinasagot naman ito ng Ex-Battalion na hindi na rin naman mabubura ang kanilang ambag sa henerasyong ito. Pansinin din kung paano ginamit ang linyang ito: "umaangat kahit hindi tumalon kada bagong taon." Ang pag-angat na tinutukoy ay hindi literal na pagtangkad (pamahiin na tatangkad kung tatalon kada bagong taon) kundi pamamayagpag ng kanilang karera bilang bagong mukha ng hip-hop. Ang tema din na halos anim na berso sa kanilang mga kanta'y pananangkapan sa kanilang popularidad bilang anggulong isinagot nila sa mga ibinatong diss track sa kanilang grupo. Ang popularidad na ito, sa kanilang pagsasalaysay, ang siyang bumubuhay sa kasalukuyang industriya ng hip-hop. Sa berso nga ni Emcee Rhen, nabanggit niyang may panahon na "dumilim ang rap scene" noon at sila ang nagpaliwanag. Tinawag pa niya ang kaniyang grupo bilang "hitmaker" at aniya'y sa mga nangyari'y huwag na sana silang pilitin pang maging "dissmaker." Sa berso naman ni Flow G, pansinin kung paano inilarawan ang kanilang mga kanta bilang "malakas" sa mga tao. Samantalang sa berso naman ni King Badger, binabanggit niya na "bumaon sa pandinig ng masa" ang kanilang mga kanta. Sa kasunod na linya, may pagtutuya pa niyang binanggit na ang kaya niyang kitain sa isang gabi'y kita na ng kabilang kampo para sa isang buong taon.

Hindi rin nakaligtaan ng Ex Battalion na magbanggit hinggil sa usapin ng mga nauna sa larangan ng hip-hop. Sa berso halimbawa ni Brando at Emcee Rhen, minaliit nila kapwa ang anggulong ito. Ika nga ni Emcee Rhen, wala siyang pakialam sa mga nauna sapagkat sila ang pinipilahan ng marami. Sa berso naman ni Skusta Clee, may indirekta ring pagpapahaging at nabanggit niyang hindi na kasalanan ng grupo nila kung bakit "hindi na mabenta" ang kanilang mga kritiko. Sa linyang ito ni Skusta Clee inihalintulad ang kasalukuyan bilang panahon ng "anihan." Tila baga pinatototohanang ang mga nauna ang nagtatag ng pundasyon subalit sa panahon na mas lalong sumigla ang eksena ng hip-hop sa Pilipinas, wala nang napasikat na kanta ang mga rapper na binabanggit sa kantang ito. Maaalalang sa inilabas na diss track ng Dongalo na nabanggit sa itaas, ipinagmamalaki lalo ng mga bahagi ng grupong Salbakuta ang mga natanggap nilang Platinum Awards noong kasagsagan

ng kanilang kasikatan. Subalit ang mga nabanggit na linya'y nagsasabing panahon na ngayon ng Ex-Batallion at hindi na kinagat ng masa ang lumang estilo na bitbit-bitbit pa rin hanggang sa kasalukuyan ng Dongalo.

Mapupuna ang ilang pangunahing tema't usapin na lumitaw sa disstrakang ito: ang usapin ng respeto at ang usapin ng naiambag sa larangan ng hip-hop sa Pilipinas. Gayundin, punong-puno ng mga indirektang pagpapahaging at personal na pang-iinsulto ang mga diss track na ito. Bagamat natukoy sa taas na diskursibong istratehiya ang indirektang pagpapahaging at personal na pang-iinsulto, hindi kalabisan na salungguhitan ito bilang pangunahing temang lumitaw sa disstrakan ng magkabilang kampo. Samakatuwid, ang mga ito ay maaaring itala hindi na lamang bilang magkakahiwalay na diskursibong istratehiya, bagkus, bilang magkakaugnay na mga tema. Halimbawa, sa usapin ng pagdidiin ng respeto at pagiging nauna sa larangan, palasak na gumamit ang mga rapper ng Dongalo ng mga linyang tila baga may pagbabanta sa sinumang hindi kikilala sa naiambag nila sa larangan. Ang kanilang posisyon bilang nauna sa larangan ang siyang nagbigay rin ng kalamangan lalo na sa pagbibigay-diin sa halaga ng respeto sa pakikitungo sa komunidad ng mga hip-hop. Samantalang sa puntong ito, minaliit ng Ex-Batallion at anila'y panghihila lamang pababa ang pakay ng mga nasa kampo ng Dongalo. Sa usapin naman ng naiambag sa kultura, naging dikdikan ang palitan ng mensahe ng dalawang grupo. Habang naroroon pa rin ang pagpapaalala sa pagiging bahagi ng mga gang sa kampo ng Dongalo, taktikal din nagamit ang kanilang ambag sa kultura partikular ng grupong Salbakuta bilang isa sa mga maalamat nang grupong maituturing sa industriya. Samantala, ambag sa kasalukuyang popularidad ng hip-hop ang naging pangunahing laman ng mga berso ng grupong Ex-Batallion bilang sagot sa pangmamaliit ng Dongalo sa gampanin at naiambag nila sa komunidad ng mga hip-hop. Muli, punong-puno rin ng mga indirektang pagpapahaging at personal na pang-iinsulto na hindi na lamang maaaring tingnan bilang magkakahiwalay na diskursibong istratehiya bagkus bilang lumitaw na tema sa nangyaring disstrakan.

## Pagtatapos

Natalakay at nasuri sa papel na ito ang disstrakan sa pagitan ng mga rapper mula sa grupo ng Dongalo at Ex-Battalion. Tinalakay sa papel ang pag-aaral nina Dundes et al. hinggil sa verbal na duwelo at iba pang mga kaugnay na pag-aaral. Maituturing nga bilang isang verbal na duwelo ang disstrakan. Lumilitaw din ang ilang mahahalagang tema sa nangyaring disstrakan. Sa kampo ng Dongalo, naroroon ang paggigiit sa usapin ng respeto sa mga gaya nilang nauna sa larangan. Kinasangkapan ng grupo sa disstrakang ito ang pagdakila sa mga naiambag nila sa komunidad ng mga hip-hop sa bansa sa larangan man bilang tagapagtaguyod ng gangsta rap (sila bilang bahagi ng Ghetto Doggs) o kahit na popularisasyon ng

musikang rap (lalo na sa kaso ng Salbakuta). Umulan din ng mga personal na pang-iinsulto at indirektang pagpapahaging lalo na sa mga awitin ng Ex-Battalion, sa miyembro nitong si Skusta Clee, at kalaunan ay si Honcho nang sagutin ni Jawtee ang diss back nito sa kanilang grupo.

Sa kampo naman ng Ex-Battalion, naging paksa ng kanilang mga diss track sa usapin ng ambag sa eksenang hip-hop ang pananangkapan sa kasalukuyang popularidad na kanilang tinatamasa. Bukod pa rito, ang ika nga'y *flexing* o pagyayabang ng kaugnay nitong materyal na kayamanan/kasaganahan. Habang kinikilala ang gampanin ng mga nauna sa eksena mula sa kampo ng Dongalo, ipinagmamalaki naman nila sa kanilang mga awit na sila ang nagpasigla ng kasalukuyang eksena at bilang verbal na atake'y pagkukumpara sa kasikatang kanilang tinatamasa at kinikita sa kanilang mga kalaban. May mga partikular na personal na pag-iinsulto't indirektang pagpapahaging din sa naging diss back ni Honcho sa kaniyang "And Ikaw."

Mapapansing humabi ng dibisyon sa pagitan ng mga hip-hop ang nangyaring disstrakan na ito. Tulad ng nauna nang nabanggit, ang palitan ng diss track, sapagkat hindi lang naman nalilimitahan sa dalawang indibidwal na magkatunggali ay maaaring lumaki at lumikha ng mga dibisyon sa pagitan ng mga nag-aalitang kampo. Sa kasong ito, nasalungguhitan ang kaibahan sa pagitan ng mga old school at new school. Kung tutuusin, hindi lamang limitado sa edad ang pagturing sa old school at new school kundi sa usapin na rin ng estilo, lapit, at maging estetiko pa nga na mahalaga sa depinisyon ng isang subkultura. May mga rapper na naglabas ng diss track  at mga panayam upang depensahan ang mga beteranong rapper ng Dongalo (karaniwan ay mga kasabayan nilang rapper sa eksena noong dekada nobenta). Maging ang mga baguhang rapper sa label ng Dongalo ay naging bahagi din ng disstrakang ito. Gayundin, may mga nagtanggol sa grupong Ex-Battalion lalong-lalo na ang isa pa sa inasunto ng mga diss track ng Dongalo ay ang rapper na si Loonie (hindi naglabas ng kahit anong diss track si Loonie hinggil dito). Subalit kapos ang kasalukuyang papel upang talakayin pa ang mga paksang ito. Naging mahaba at sanga-sanga ang mga disstrakan simula noong 2020 hanggang sa kasalukuyan at timba-timba talaga ang mga datos na maaaring saliksikin sa komunidad ng mga hip-hop tungkol dito.

Sa kabilang banda, mapapansing nangapital talaga ang mga rapper ng Dongalo sa usapin ng paggigiit sa mga kultural na hahalagahin ng hip-hop. Tulad ng inilahad, isa sa mga hahalagahing istriktong inoobserbahan sa kanilang komunidad ang respeto sa mga rapper na nauna o yaong mga naghawan ng daan upang mabuo ang kasalukuyang eksena. Ang pagbali sa ganitong kodigo ay may katapat na negatibong pagtingin. Uminog sa ganitong tema ang mga diss track ng Dongalo at

kung tutuusin, ito naman talaga ang pinag-ugatan ng isyu sa pagitan ng dalawang kampo.

Maituturing nga ang disstrakan bilang sityo ng asersiyon ng mga kultural na hahalagahin sa komunidad ng mga hip-hop. Lumalabas na nasa ganitong posisyon ang Dongalo sa pagsusuri ng kanilang mga diss track. Itinuturing man na moda ng 'di pagsang-ayon gaya ng idinidiin sa mga diss track ng Dongalo, naging instrumento din naman ang diss back ng Ex-Battalion para igiit ang importansya ng ambag ng kanilang kampo sa pagsigla ng eksena ng hip-hop sa kasalukuyan at sa nakalipas na mga taon ng kanilang pamamayagpag. Kung tutuusin, may mga pagkakataon ngang binanggit ng mga miyembro Ex-Battalion ang kanilang respeto sa mga pundasyon ng eksena, lalo na sa tagapagtatag ng Dongalo label na si Andrew E. (Lokal Rapper PH). Bagamat sangkaterbang panlalait ang tinamo ng grupo mula sa mga nakaalitang rapper ng Dongalo, maituturing na mahalagang tugon ang "And Ikaw" at "Yearly" para ipaalala ang mga bagay na naiambag nila sa kasalukuyang eksena. Labas sa usapan ng sigalot sa Dongalo, hindi maitatatwang respetado rin naman silang grupo sa kasalukuyang panahon lalo na at nakasama na rin ng ibang mga miyembro nito ang mga beterano rin sa eksena kagaya nina Gloc 9 at Mike Kosa sa iba't ibang proyekto.

Tunay ngang mahalagang ritwal sa komunidad ng mga hip-hop ang disstrakan sa pagkamit ng pagkilala hindi lamang sa larangan ng lirikalan gayundin ng inaasam na respetong makukuha ng mga rapper na lalahok sa komunidad ng mga hip-hop kung mapagtatagumpayan nila ang nabanggit na mga duwelo. Bagamat ang batayan ng tagumpay ay ang pagyurak sa katunggali, sa ganang akin, wala talagang natalo sa halip ay nagtagumpay kapwa ang dalawang grupong iparating sa kanilang mga tagapakinig ang kanilang mga sarili. Sa kampo ng Ex-Battalion, sa paggiit ng pangalan ng kanilang grupo bilang mahalagang bahagi ng kasalukuyan. Sa kampo ng Dongalo, ang muling pagpapaalala sa gampanin nila bilang pundasyon. Parehong naging maugong ang pangalan ng dalawang kampo sa panahong nasa bahay lamang ang karamihan sa mga parokyano ng hip-hop at sumusubaybay sa disstrakang ito. Napasigla nito ang eksena sa panahong hindi posible ang aktuwal na paghaharap ng magkakatunggaling rapper sa entablado. Maaaring pagnilayan pa nga ang mga salita ng rapper na si Siobal D. hinggil sa halaga ng disstrakan sa komunidad ng mga hip-hop:

> [Y]ung disstrakan para sa kaalaman ng lahat…, 'yan yung bumubuhay sa underground, yung diss trackan. Kasi … 90s eh talagang 'pag underground kasi puro diss trackan 'yan eh. Hindi man kapwa rapper yung kalaban noong araw. Diba yung tinitira ng "Ilibing ng Buhay," tinitira ng Ghetto Doggs mga salot sa lipunan diba? Andudun na talaga, mabentang-mabenta na talaga sa Pilipino yung rap game. (Icons Feed)

## MGA SANGGUNIAN

Angeles, Mark. "Is FlipTop the Modern-Day Balagtasan? " *GMA News Online*, 1 Mar. 2014, www.gmanetwork.com/news/lifestyle/artandculture/350760/is-fliptop-the-modern-day-balagtasan/story/.

Azong Ulul at Valdog. "Dissposable." *YouTube*, 2020, www.youtube.com/watch?v=FPSNyKbpfHI.

Belanio, Norman, at Chucky Jaime. "BASS RHYME POSSE Pinoy Rap Pioneers…the Norman B Aka Cool MC Norm Interview FULL." *Blogger*, 6 May 2011, chuckysplayground.blogspot.com/2011/05/bass-rhyme-posse-pinoy-rap-pioneersthe.html.

Dundes, Alan, et al. "The Strategy of Turkish Boys' Verbal Dueling Rhymes." *The Journal of American Folklore* , vol. 83, 1970, pp. 325–49.

Ex-Battalion. "Yearly." *YouTube*, 2021, www.youtube.com/watch?v=nSFSYEK7RzI.

Free, Christian. "Diss-Topia: Beef as Interdiscursive Culturalpolicing in American Hiphop." *The University of Chicago*, 2016, www.academia.edu/27859430/Diss_topia_Beef_as_interdiscursive_cultural_policing_in_American_Hiphop.

Galang, Christine. "Snatch The Microphone, The Revolution Is Still Not Televised: Tracing Filipino Hip-Hop History and Notes on Its Future." 23 Aug. 2016, www.bandwagon.asia/articles/snatch-the-microphone-the-revolution-is-still-not-televised-tracing-filipino-hiphop-history-and-culture-and-notes-on-its-future.

Gharapppata at YT. "Walang Tira." *YouTube*, 2020, www.youtube.com/watch?v=B8bsGhlGbT8.

GhettoLife. "Pahayag Ni Skusta Clee Sa Salbakuta." *YouTube*, 20 Apr. 2020, www.youtube.com/watch?v=rZ4bIINJ_Lg.

Honcho. "And Ikaw!" *YouTube*, 2020, www.youtube.com/watch?v=wv1-vsG7yNo.

Icons Feed. "Siobal D, May Mensahe Sa Mga Di Gusto Ang Rap Game." *YouTube*, 5 Feb. 2022, www.youtube.com/watch?v=60KVNJaxB_M.

Jawtee, Cruzzito Uno, Rap Weiler, Kid Rabis. "Etiketa." *YouTube*, 2020, www.youtube.com/watch?v=fCf9RAeKGQs.

Khagatt at Dawg Thug. "Mahal Naming Critics." *YouTube*, 2020, www.youtube.com/watch?v=hWQOluH99Pc.

Kirkemo, Thomas. "Aspects of Hip Hop Discourse: Constructing Reality, Ideology and Identity." *The University of Oslo,* 2007, www.duo.uio.no/bitstream/handle/10852/25510/2/thomas.pdf.

Lumabao, Bong Borrero. "The Language of Fliptop Talks Among Filipino Youth: A Discourse Analysis." *IOSR-Journal of Humanities and Social Sciences* , vol. 23, no. 1, Jan. 2018, pp. 67–102.

Mustofa, Ali, at Jonnie Lynn Hill. "Understanding Cultural Context in Responding to Literature: Researching the Teaching of Literature in EFL Classroom Context." *English Language Teaching*, vol. 11, May 2018, pp. 108–14., files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1180284.pdf.

NoBenta. "Pag-Ibig Ko'y Metal." *Nobenta Blogspot*, 8 Aug. 2009, no-benta.blogspot.com/2009/08/pag-ibig-koy-metal.html?fbclid=IwAR30z-XX9i9ioeEfqR55zm25T4rF9G2vhNqtjTCOiIiqFR_J7lDweL8J1TM.

Papot TV. “FLOW G vs SALBAKUTA ISSUE.” *YouTube*, 20 Apr. 2020, www.youtube.com/watch?v=bKqbHINzJrE.

Pascual, Bea Grace. “Things You Probably Didn’t Know About Ex Battalion.” 18 Feb. 2018, pilipinaspopcorn.com/ex-b-ex-battalion-trivia-watch-music-video-hayaan-mo-sila/.

Rap Guard TV. “Bakit Ayaw Ni Pooch Sa Punks at Metal?” *YouTube*, 11 Nov. 2020, www.youtube.com/watch?v=6ca-Nl9QYg4&t=498s.

Rap Guard TV. “Sino Sino Ang Nasa 3rd Album Ng Ghetto Doggs at Sino Ang Mga Nawala Na??? .” *YouTube*, 29 June 2020, www.youtube.com/watch?v=gZ2XobXrUxM.

Rappin’ Lappa at Burubudoggz. ”Bugbugan.” *YouTube*, 2020, www.youtube.com/watch?v=39at6jWHaD8.

Soul Sonic TV. “Old Skool Fridays: ‘5:30’ Ghetto Doggs.” *Soul Sonic TV Blogspot,* 30 Nov. 2007, ssonictv.blogspot.com/2007/11/.

Tang, Hai. “Chinese Hip-Hop: The Use of Diss, and the Representing of Youth Culture.” *Open Journal of Social Sciences*, vol. 8, 14 Jan. 2020, pp. 139–47, doi.org/10.4236/jss.2020.81012.

______________

Si **Kevin Paul D. Martija** (oseofficial12@gmail.com) o mas kilala bilang Ose ay kasalukuyang assistant professor ng Departamento ng Agham Panlipunan, Pilosopiya, at Humanidades sa Unibersidad ng Makati at senior lecturer sa Unibersidad ng Pilipinas Los Baños. Natapos niya ang kursong sa Batsilyer Sa Sekondaryong Edukasyon medyor sa Kasaysayan sa Pamantasang Normal ng Pilipinas noong 2013, Masterado sa Araling Filipino medyor sa Wika, Kultura, at Media sa Pamantasang De La Salle Maynila noong 2017, at kasalukuyan namang kumukuha ng Doktorado sa Araling Pilipino sa Unibersidad ng Pilipinas Diliman.